

Minamahal na Miyembro:

Ile-enroll ka sa parehong Medicare at Medi-Cal na planong pangkalusugan sa pamamagitan ng Kaiser Permanente may bisa simula Enero 1, 2023, kung hindi ka pa naka-enroll sa mga planong ito. Ang pangalan ng iyong Medicare Advantage na Plano na Kaiser Permanente Senior Advantage Medicare Medi-Cal na Plano ay magiging Senior Advantage Medicare Medi-Cal Santa Clara na Plano at ang iyong Medi-Cal na plano ay Santa Clara Family Health na Plano. Tutukuyin namin ang mga ito nang magkasama bilang mga Medicare Medi-Cal na Plano.

Idinisenyo ang Medicare Medi-Cal na Plano na magbigay ng mas mahusay na koordinasyon ng iyong mga benepisyo at pangangalaga para sa mga taong mayroon ng parehong Medicare at Medi-Cal at makakatulong ito sa iyo sa lahat ng iyong pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Kasama rito ang mga serbisyong medikal at nakabase sa tahanan at komunidad. Kasama rin dito ang mga medikal na supply at gamot. Papadalhan ka rin namin ng mga materyal ng integrated member, gaya ng isang integrated Member ID Card at Member Handbook.

Pinahalagahan namin ang pagiging miyembro mo at umaasa kaming patuloy kang paglingkuran sa susunod na taon.

Taos-puso,



Agnes Strandberg
Senior Vice President, Medicare

Ang Kaiser Permanente ay isang plano na HMO D-SNP na may kontrata sa Medicare at kontrata sa programa ng Medi-Cal. Ang pagkaka-enroll sa Kaiser Permanente ay nakadepende sa pag-renew ng kontrata.

Minamahal na Miyembro,

Ang impormasyong ito ay ibinibigay sa lahat ng miyembro ng planong pangkalusugan ng Kaiser Permanente Medicare para sa mga pang-edukasyong layunin lang, tungkol sa mga opioid na gamot sa pananakit. Ang mga opioid na gamot sa pananakit tulad ng Oxycodone (Percocet®), Hydrocodone (Norco®), Fentanyl, at Morphine ay malalakas na gamot. May matinding panganib ng pagkagumon at overdose ang mga ito. Bilang provider ng inyong planong pangkalusugan, gusto namin kayong bigyang-alam tungkol sa mga potensyal na panganib ng paggamit ng mga opioid.

Ano ang mga opioid na gamot sa pananakit?

Maaaring gamitin ang mga opioid na gamot upang tulungang gamutin ang katamtaman hanggang matinding pananakit kapag hindi gumana ang ibang opsyon. Posibleng hindi maibsan ng mga ito ang inyong pananakit, at habang tumatagal, maaari ding baguhin ng mga ito ang paraan ng pagtugon ng inyong utak sa mga signal ng pananakit. Maaari din itong humantong sa mas matinding pananakit at/o iba pang sintomas sa kalusugan tulad ng pagbabago ng mood o pagtulog, at nabawasang kakayahan na magsagawa ng mga pang-araw-araw na gawain. Dahil dito, ang pangmatagalang paggamit ng mga opioid ay dapat sinusubaybayang maigi ng isang doktor.

Anu-ano ang mga hindi magandang epekto at pangmatagalang panganib ng paggamit ng mga opioid?

- **Tolerance** – Habang tumatagal, hindi na gaanong epektibo ang mga opioid, at nangangailangan ang mga tao ng mas malalakas na dosis upang maabot ang parehong antas ng pagkawala ng pananakit.
- **Pisikal na dependensya** – Maaaring mangyari ang mga sintomas ng pagtigil kapag biglang huminto sa paggamit ng gamot o binawasan ang dosis ng malaking halaga.
- **Pagkagumon** – Maaaring hindi ninyo makontrol ang paggamit ninyo ng opioid.
- **Mga pisikal na hindi magandang epekto** – Ang mga opioid ay maaaring magdulot ng pagduruwal, pagsuka, at kahirapang dumumi.
- **Pagkamatamlay** – Naaapektuhan ng mga opioid ang pagpapasya at paggawa ng desisyon. Ang mga hindi magandang epekto na ito ay maaaring magdulot ng mga pagkahulog at mga aksidente sa sasakyan nang may malulubhang pinsala.
- **Mga problema sa malinaw na pag-iisip, kakulangan sa gana, at depresyon** – Naaapektuhan ng mga hindi magandang epekto na ito ang kakayahan ng isang tao na magtrabaho at magsagawa ng mga pang-araw-araw na gawain.
- **Sleep apnea o kapansanan sa paghinga habang natutulog** – Ang mga opioid ay maaaring magdulot ng mga problema sa pagtulog na maaaring magdulot ng pang-araw na pagod, magpahina ng pag-iisip, at sa ilang sitwasyon pagbagal o paghinto ng inyong paghinga, sa hindi wastong paggamit.
- **Mabababang antas ng hormone** – Ang pangmatagalang paggamit ng opioid ay maaaring humantong sa mahinang sex drive, kakulangan sa gana, nanlulumong mood, mas mabagal na paggaling mula sa mga pinsala sa kalamnan, at pagnipis ng mga buto.
- **Aksidenteng overdose at pagkamatay** – Lumalaki ang mga panganib na ito habang tumatagal ang paggamit ng isang tao ng mga opioid.

Paano ko magagamit nang ligtas ang mga opioid na gamot?

- **Sunding mabuti ang mga tagubilin.** Sundin palagi ang mga tagubilin ng inyong doktor at huwag kailanman ibahagi ang inyong mga gamot sa ibang tao.
- **Mag-ingat.** Huwag gamitin ang inyong gamot nang mas madalas sa inirereseta. Makipag-usap sa inyong doktor o pharmacist bago kayo gumamit ng anumang karagdagang dosis.

- **Iwasan ang mapapanganib na paghahalo ng gamot.** Makipag-usap sa inyong doktor tungkol sa lahat ng gamot na ginagamit ninyo. Ang paghahalo ng mga opioid sa alinman sa mga sumusunod ay labis na makakapalaki ng panganib ng overdose: **alkohol, sleeping pills** (tulad ng zolpidem [Ambien®] o zaleplon [Sonata®]), **mga gamot sa pagkabalisa** (tulad ng diazepam [Valium®], alprazolam [Xanax®], at lorazepam [Ativan®]), at **mga pampakalma ng kalamnan** (tulad ng carisoprodol [Soma®], baclofen [Lioresal®], at iba pa).
- **Makipag-usap sa inyong doktor tungkol sa mga alternatibong pampawala ng pananakit.** Kung nakokontrol ang inyong pananakit, tanungin sa inyong doktor kung dapat ninyong gamitin ang mga ito nang mas madalang o dapat kayong magpalit sa iba pang opsyon sa pagpapawala ng pananakit.
- **Naloxone: Magtanong sa inyong doktor o pharmacist tungkol sa isang naloxone rescue kit.** Kung minsan, maaaring pabagalin o ihinto ng mga opioid ang inyong paghinga. Ang Naloxone ay isang gamot na kayang bawiin ang mga epekto ng opioid sa inyong katawan. Ang Naloxone ay ligtas at maliligtas nito ang inyong buhay. Makipag-usap sa inyong doktor o pharmacist para alamin kung dapat itong ireseta sa inyo. Inirerekomenda ang pagkakaroon ng nakatabing naloxone para sa lahat ng pasyenteng regular na gumagamit ng mga opioid.
- **Ligtas na pagtatabi ng mga opioid.** Itabi ang inyong mga opioid na gamot sa mga orihinal na package ng mga ito kasama ang mga orihinal na label. Itabi ang mga ito sa isang lugar na hindi abot ng mga bata at hindi agad-agad ma-a-access ng ibang tao (hal., naka-lock na cabinet).
- **Sundin ang mga pamamaraan sa ligtas na pagtapon.** Para sa mga dahilang pangkaligtasan, ang mga hindi nagamit na gamot ay dapat na itapon kaagad sa pamamagitan ng pagdedeposito ng gamot sa isang collection kiosk na available sa maraming parmasya ng Kaiser Permanente, gamit ang isang naaprubahang send-away envelope, o sa isang "Drug Take Back Day" na event. Ang mga send-away envelope ay available para sa mga miyembro sa mga piling parmasya ng Kaiser Permanente.

Anu-anong mga opsyon sa alternatibong pagkontrol ng pananakit ang dapat kong pag-isipan?

Makipag-usap sa inyong doktor tungkol sa mga paraan ng pagkontrol ng inyong pananakit na walang mga opioid at pinakanaaangkop sa inyo. Ang ilan sa mga opsyong ito ay maaaring gumana nang mas mabuti at may mas kaunting panganib at side effect. Depende sa uri ng pananakit na nararanasan ninyo, maaaring kasama sa mga opsyon ang:

- Mga over-the-counter na gamot tulad ng ibuprofen (Motrin®), acetaminophen (Tylenol®), naproxen (Aleve®), o mga ipinapahid tulad ng capsaicin, diclofenac gel (Voltaren®), o trolamine salicylate (Aspercreme®).
- Mga pangresetang-lakas na anti-inflammatory na gamot tulad ng meloxicam (Mobic®), diclofenac (Voltaren®), at etodolac (Lodine®). Hindi inirerekomenda ang pangmatagalang paggamit para sa mas matatanda dahil sa panganib ng mga side effect.
- Ilang inireresetang non-opioid na gamot na tumutuon sa mga pain-producing nerve, tulad ng gabapentin (Neurontin®) at pregabalin (Lyrica®).
- Mga serbisyo ng chiropractor, pisikal at iba pang therapy, heat o cold compresses, ehersisyo, acupuncture, at cognitive behavioral therapy.

Ang inyong doktor ay maaaring magrekomenda ng mga opsyon sa paggamot na hindi nasasaklawan ng inyong plano. Kung mangyari ito, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa numero ng telepono sa likod ng inyong ID card o bisitahin ang web page ng CMS na naglalarawan sa saklaw sa ilalim ng Medicare Part A at B upang maunawaan ang inyong mga opsyon (<https://www.medicare.gov/coverage/pain-management>).

Anu-anong Mga Serbisyo sa Paggamot gamit ang Opioid ang available?

Nasasaklawan ng Medicare sa ilalim ng Part B (medikal na insurance) ang Mga Programa sa Paggamot gamit ang Opioid (OTPs) para sa paggamot ng sakit sa paggamit ng opioid (OUD). Para sa impormasyon tungkol sa *mga benepisyo ng inyong plano* kaugnay ng paggamot para sa pang-abuso sa gamot, kabilang ang medication-assisted treatment, mga serbisyo sa kalusugan ng isip, at pagpapayo, pakitingnan ang inyong **Katibayan ng Saklaw** o tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa numero ng telepono sa likod ng inyong ID card.

Narito kami para sa inyo

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa impormasyong ibinigay sa insert na ito o gusto ninyong matuto ng higit pang paraan sa pagkontrol ng pananakit, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa numero ng telepono sa likod ng inyong ID card.

Taos-puso,
Kaiser Permanente

**Senior Advantage Medicare Medi-Cal Santa Clara na Plano (HMO D-SNP),
iniaalok ng Kaiser Foundation Health Plan, Inc., Northern California Region**

Taunang Abiso Tungkol sa Mga Pagbabago para sa 2023

Panimula

Ikaw ba ay kasalukuyang naka-enroll bilang miyembro ng aming plano? Sa susunod na taon, magkakaroon ng ilang pagbabago sa aming mga benepisyo, coverage, mga panuntunan, at mga halaga. Ang *Taunang Abiso Tungkol sa Mga Pagbabago* na ito ay nagbibigay sa iyo ng detalye tungkol sa mga pagbabago at kung saan makakahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga ito. Para makakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga halaga, benepisyo, o panuntunan, pakisuri ang **Handbook ng Miyembro**, na matatagpuan sa aming website sa kp.org/eocncal. Makikita ang mahahalagang termino at mga kahulugan ng mga ito sa alpabetikong pagkakasunod-sunod sa huling kabanata ng iyong **Handbook ng Miyembro**.

Talaan ng Mga Nilalaman

A. Mga Pagtatatwa ng Pananagutan	3
B. Pagsusuri sa iyong coverage ng Medicare at Medi-Cal para sa susunod na taon	3
B1. Mga karagdagang resource	4
B2. Impormasyon tungkol sa aming plano	4
B3. Mahahalagang bagay na dapat gawin	5
C. Mga pagbabago sa pangalan ng aming plano	6
D. Mga pagbabago sa mga provider at parmasya na nasa network namin.....	7
E. Mga pagbabago sa mga benepisyo at halaga para sa susunod na taon.....	7
E1. Mga pagbabago sa mga benepisyo at halaga para sa mga medikal na serbisyo	7
E2. Mga pagbabago sa coverage sa inireresetang gamot.....	11
E3. Yugto 1: "Yugto ng Taunang Deductible"	13
E4. Yugto 2: "Inisyal na Coverage na Yugto"	13
F. Mga administratibong pagbabago	14

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa kp.org/medicare.



G. Pagpili ng plano.....	14
G1. Pananatili sa aming plano	14
G2. Pagpapalit ng plano.....	15
H. Paghingi ng tulong.....	19
H1. Aming plano.....	19
H2. Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP).....	19
H3. Ombuds Program	20
H4. Medicare	20
H5. Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Kalusugan ng California.....	21



A. Mga Pagtatatwa ng Pananagutan

- ❖ Ang Kaiser Permanente ay isang plano na HMO D-SNP na may kontrata sa Medicare at kontrata sa programa ng Medi-Cal. Nakadepende ang pagpapatala sa Kaiser Permanente sa pag-renew ng kontrata.

B. Pagsusuri sa iyong coverage ng Medicare at Medi-Cal para sa susunod na taon

Kapag ang nakasaad sa *Taunang Abiso Tungkol sa Mga Pagbabago* na ito ay "kami," "namin," "amin," o "aming plano," ang tinutukoy nito ay ang Medicare Medi-Cal Coordination na Plano.

Mahalagang suriin ang iyong coverage ngayon para matiyak na matutugunan pa rin nito ang iyong mga pangangailangan sa susunod na taon. Kung hindi nito natutugunan ang iyong mga pangangailangan, maaari kang umalis sa aming plano. Sumangguni sa **Seksyon E** para sa higit pang impormasyon.

Kung pipiliin mong umalis sa aming plano, matatapos ang iyong membership sa huling araw ng buwan kung kailan isinagawa ang iyong kahilingan. Magiging bahagi ka pa rin ng mga programa ng Medicare at Medi-Cal sa kondisyong kwalipikado ka.

Kung aalis ka sa aming plano, makakakuha ka ng impormasyon tungkol sa iyong:

- Mga opsyon sa Medicare sa talahanayan sa **Seksyon G2**.
- Mga serbisyo ng Medi-Cal sa **Seksyon G2**.



B1. Mga karagdagang resource

- PAALALA: Kung nagsasalita ka ng Chinese, Spanish, Tagalog, Vietnamese, mayroong mga libreng serbisyo ng tulong sa wika na available para sa iyo. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag na ito.
- Makukuha mo ang *Taunang Abiso Tungkol sa Mga Pagbabago* na ito nang libre sa iba pang format, tulad ng malaking letra, braille, o audio. Tumawag sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag na ito.
- Tumawag sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo, para hilingin ang sumusunod:
 - Gustong wika maliban sa English at/o alternatibong format,
 - Isang nakabinbing kahilingan para sa mga pagpapadala sa hinaharap at communication, **at**
 - Baguhin ang isang nakabinbing kahilingan para sa mas gustong wika at/o format.

B2. Impormasyon tungkol sa aming plano

- Ang Kaiser Permanente ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa Medicare at Medi-Cal para maibigay sa mga miyembro ang mga benepisyo ng parehong programa.
- Ang coverage sa ilalim ng Senior Advantage Medicare Medi-Cal na Plano ay kwalipikadong coverage na pangkalusugan na tinatawag na "minimum na kinakailangang coverage." Natutugunan nito ang iniaatas na nakabahaging responsibilidad ng indibidwal ng Batas sa Proteksyon ng Pasyente at Abot Kayang Pangangalaga (ACA). Bisitahin ang website ng Serbisyo ng Rentas Internas (IRS) sa **www.irs.gov/Affordable-Care-Act/Individuals-and-Families** para sa higit pang impormasyon tungkol sa iniaatas na nakabahaging responsibilidad ng indibidwal.

B3. Mahahalagang bagay na dapat gawin

- **Tingnan kung mayroong anumang pagbabago sa aming mga benepisyo at halaga na maaaring makaapekto sa iyo.**
 - Mayroon bang anumang pagbabago na nakakaapekto sa mga serbisyong ginagamit mo?
 - Suriin ang mga pagbabago sa benepisyo at halaga para matiyak na magiging naaangkop ang mga ito para sa iyo sa susunod na taon.
 - Sumangguni sa **Seksyon E1** para sa impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa benepisyo at halaga para sa aming plano.

- **Tingnan kung mayroong anumang pagbabago sa aming coverage sa inireresetang gamot na maaaring makaapekto sa iyo.**
 - Kasama ba sa coverage ang iyong mga gamot? Maaari mo bang gamitin ang parehong parmasya?
 - Suriin ang mga pagbabago para matiyak na ang aming coverage sa gamot ay magiging naaangkop para sa iyo sa susunod na taon.
 - Sumangguni sa **Seksyon E2** para sa impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa aming coverage sa gamot.
 - Ang halaga ng iyong gamot ay maaaring tumaas na simula noong nakaraang taon.
 - Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa mas murang alternatibong gamot na maaari mong gamitin; sa pamamagitan nito, posible kang makatipid sa taunang gastos na mula sa sariling bulsa sa buong taon.
 - Tandaan na ang mga benepisyo ng plano mo ang eksaktong tumutukoy sa kung gaano kalaki ang maaaring ipagbago ng halaga ng iyong sariling gamot.

- **Tingnan kung ang iyong mga provider at parmasya ay magiging bahagi ng aming network sa susunod na taon.**
 - Nasa network ba namin ang iyong mga doktor, pati na rin ang iyong mga espesyalista? Paano ang iyong parmasya? Pano ang mga ospital o iba pang provider na ginagamit mo?
 - Sumangguni sa **Seksyon D** para sa impormasyon tungkol sa aming **Direktoryo ng Provider at Parmasya**.



- **Pag-isipan ang iyong kabuuang mga gastos sa plano.**
 - Magkano ang gagastusin mo na mula sa sariling bulsa para sa mga serbisyo at inireresetang gamot na regular mong ginagamit?
 - Ano ang kabuuang gastos kumpara sa iba pang opsyon sa coverage?
- **Pag-isipan kung nasisiyahan ka sa aming plano.**

Kung magpapasya kang manatili sa Senior Advantage Medicare Medi-Cal na Plano:

Kung magpapasya kang manatili sa amin sa susunod na taon, madali lang – wala kang kailangang gawin. Kung wala kang gagawing pagbabago, awtomatikong kang mananatiling naka-enroll sa Senior Advantage Medicare Medi-Cal.

Kung magpapasya kang magpalit ng plano:

Kung magpapasya kang may ibang coverage na mas mahusay na makakatugon sa iyong mga pangangailangan, maaari kang lumipat ng plano (sumangguni sa **Seksyon G2** para sa higit pang impormasyon). Kung mag-e-enroll ka sa isang bagong plano, o lilipat ka sa Original Medicare, magsisimula ang iyong bagong coverage sa unang araw ng susunod na buwan.

C. Mga pagbabago sa pangalan ng aming plano

Sa Enero 1, 2023, ang pangalan ng aming plano ay magiging Senior Advantage Medicare Medi-Cal Santa Clara na Plano mula sa Kaiser Permanente Sr Adv Medicare Medi-Cal na Plano.

Makakatanggap ka ng bagong ID card sa Enero 2023.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa kp.org/medicare.



D. Mga pagbabago sa mga provider at parmasya na nasa network namin

Ang aming mga network ng provider at parmasya ay nagbago para sa 2023.

Mariin ka naming hinihikayat na **suriin ang aming kasalukuyang Direktoryo ng Provider at Parmasya** para malaman kung nasa network pa rin namin ang iyong mga provider o parmasya. May updated na **Direktoryo ng Provider at Parmasya** na matatagpuan sa aming website sa **kp.org/directory**. Maaari mo ring tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng page para sa updated na impormasyon ng provider o para hilingin sa aming magpadala sa iyo ng **Direktoryo ng Provider at Parmasya**.

Mahalagang alam mo na maaari rin kaming gumawa ng mga pagbabago sa aming network sa buong taon. Kung aalis ang iyong provider sa aming plano, mayroon kang ilang partikular na karapatan at proteksyon. Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa **Kabanata 3** ng iyong **Handbook ng Miyembro**.

E. Mga pagbabago sa mga benepisyo at halaga para sa susunod na taon

E1. Mga pagbabago sa mga benepisyo at halaga para sa mga medikal na serbisyo

Babaguhin namin ang aming coverage para sa ilang partikular na medikal na serbisyo at ang ibinabayad mo para sa mga sakop na medikal na serbisyo sa susunod na taon. Inilalarawan ng talahanayan sa ibaba ang mga pagbabagong ito.

	2022 (ngayong taon)	2023 (susunod na taon)
Mga serbisyo sa pagpapayo Outpatient na serbisyo sa kalusugan ng isip at pag-abuso sa substance na ibinibigay ng mga therapist sa pag-aasawa at pamilya.	Hindi sakop.	Magbabayad ka ng \$0 .



	2022 (ngayong taon)	2023 (susunod na taon)
<p>Mga serbisyo sa ngipin sa pamamagitan ng DeltaCare® USA Dental HMO Program</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pana-panahong pagsusuri (D0120) • Detalyado at malawak na pagsusuri sa bibig (D0160) • Komprehensibong periodontal na pagsusuri (D0180) • Sa loob ng bibig at occlusal na radiographic na larawan (D0240) • Pagtatasa sa daloy ng laway ayon sa sukat (D0419) <p>(Sumangguni sa Handbook ng Miyembro para sa kumpletong listahan ng mga saklaw na serbisyo sa ngipin.)</p>	Hindi sakop.	Magbabayad ka ng \$0 .



	2022 (ngayong taon)	2023 (susunod na taon)
<p>Benepisyo sa fitness (ang Silver&Fit® Healthy Aging and Exercise Program)</p> <p>Ang programa ng Silver&Fit ay ibinibigay ng American Specialty Health Fitness, Inc., na isang subsidiary ng American Specialty Health Incorporated (ASH). Ang Silver&Fit ay isang trademark ng ASH na nakarehistro sa pederal na pamahalaan at ginagamit ito nang may pahintulot dito.</p>	Hindi sakop.	<p>Magbabayad ka ng \$0 at matatanggap mo ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Isang standard na membership sa gym. • Isang home fitness kit para makapag-ehersisyo sa bahay (maaari kang pumili ng kit na may kasamang tracker ng aktibidad).



	2022 (ngayong taon)	2023 (susunod na taon)
Over-the-Counter (OTC) na Kalusugan at Pananatiling Walang Sakit	Hindi sakop.	<p>Sakop namin ang mga OTC na item na nakalista sa aming catalog ng OTC para sa libreng paghahatid sa bahay. Maaari kang mag-order ng mga OTC na item na hanggang sa \$100 na quarterly na limitasyon ng benepisyo. Ang bawat order ay dapat hindi bababa sa halagang \$25. Hindi maaaring lumampas ang iyong order sa iyong quarterly na limitasyon ng benepisyo. Ang anumang hindi nagamit na porsyon ng quarterly na limitasyon ng benepisyo ay hindi maiipon patungo sa susunod na quarter. (Mare-reset ang limitasyon ng iyong benepisyo sa Enero 1, Abril 1, Hulyo 1, at Oktubre 1).</p> <p>Para tingnan ang aming catalog at mag-order online, bumisita sa kp.org/otc/ca. Maaari kang mag-order sa telepono o humiling na magpadala sa iyo ng naka-print na catalog sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-569-2360 (TTY 711), 7 a.m. hanggang 6 p.m. PST, Lunes hanggang Biyernes.</p>

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.



E2. Mga pagbabago sa coverage sa inireresetang gamot

Mga pagbabago sa aming Listahan ng Gamot

May updated na *Listahan ng Mga Sakop na Gamot* na matatagpuan sa aming website sa kp.org/seniorrx. Maaari mo ring tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng page para sa updated na impormasyon ng gamot o para hilingin sa aming magpadala sa iyo ng *Listahan ng Mga Sakop na Gamot*. Ang *Listahan ng Mga Sakop na Gamot* ay tinatawag ding "Listahan ng Gamot."

Gumawa kami ng mga pagbabago sa aming Listahan ng Gamot, kabilang ang mga pagbabago sa mga gamot na sakop namin at ang mga pagbabago sa mga paghihigpit na nalalapat sa aming coverage para sa ilang partikular na gamot.

Suriin ang Listahan ng Gamot para **matiyak na ang iyong mga gamot ay sasakupin sa susunod na taon** at para malaman kung mayroon anumang paghihigpit.

Kung apektado ka ng pagbabago sa coverage sa gamot, hinihikayat ka naming:

- Makipagtulungan sa iyong doktor (o iba pang nagrereseta) para maghanap ng ibang gamot na sakop namin.
 - Maaari mo tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng page para humiling ng listahan ng mga sakop na gamot na kayang gamutin ang parehong kondisyon.
 - Ang listahang ito ay maaaring makatulong sa iyong provider na maghanap ng sakop na gamot na posibleng gumana para sa iyo.
- Hilingin sa amin na sakupin ang isang pansamantalang supply ng gamot.
 - Sa ilang sitwasyon, sinasakop namin ang isang **pansamantalang** supply ng gamot sa unang 90 araw ng taon ng kalendaryo.
 - Ang pansamantalang supply na ito ay hanggang 30 araw. (Para matuto pa tungkol sa kung kailan ka maaaring makakuha ng pansamantalang supply at kung paano humiling nito, sumangguni sa **Kabanata 5** ng iyong **Handbook ng Miyembro**.)
 - Kapag nakakuha ka ng pansamantalang supply ng gamot, makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa kung ano ang dapat gawin bago maubos na ang iyong pansamantalang supply. Maaari kang lumipat sa ibang gamot na sinasakop ng aming plano o humiling sa aming gumawa ng eksepsyon para sa iyo at sakupin ang iyong kasalukuyang gamot. Nag-e-expire ang lahat ng aprubadong paghihigpit sa pormularyo sa katapusan ng bawat taon ng kalendaryo at dapat isumite ulit para sa pag-apruba sa simula ng bagong taon.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa kp.org/medicare.



Mga pagbabago sa halaga ng inireresetang gamot

Kung bahagi ka ng programang tumutulong sa iyo na bayaran ang iyong mga inireresetang gamot ng Medicare ("Karagdagang Tulong"), maaaring kwalipikado ka para sa pagbabawas o pag-aalis ng iyong bahagi sa gastos para sa mga Bahagi D na gamot. Maaaring hindi angkop sa iyo ang ilan sa impormasyong inilalarawan sa seksyong ito. Nagpadala kami sa iyo ng hiwalay na dokumento na tinatawag na "Rider ng Ebidensya ng Saklaw par sa Mga Taong Nakakatanggap ng Karagdagang Tulong para sa Pagbabayad ng Mga Inireresetang Gamot" (na tinatawag ding "Rider ng Mababa ang Income" (Low Income Subsidy Rider o "LIS Rider"), na nagpapaalam sa iyo ng iyong mga gastos sa gamot. Kung tumatanggap ka ng "Karagdagang Tulong" at hindi mo pa natatanggap ang rider na ito pagsapit ng Setyembre 30, 2022, pakitawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro at humingi ng "LIS Rider."

May apat na "yugto ng pagbabayad" para sa iyong coverage sa Bahagi D ng Medicare na inireresetang gamot sa ilalim ng aming plano. Nakadepende ang babayaran mo sa yugto na kinabibilangan mo kapag kumuha ka ng inireresetang gamot o nagpa-refill ka ng inireresetang gamot.

Ipinapakita ng impormasyon sa ibaba ang mga pagbabago sa unang dalawang yugto—ang Yugto ng Taunang Deductible at Yugto ng Paunang Saklaw. (Hindi naaabot ng karamihan sa mga miyembro ang dalawa pang yugto—ang Yugto ng Gap ng Saklaw o ang Yugto sa Saklaw sa Aksidente.)

Mahalagang Mensahe Tungkol sa Babayaran Mo para sa Mga Bakuna – Sinasakop ng aming plano ang karamihan sa mga bakuna sa Bahagi D nang wala kang babayaran. Tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro para sa higit pang impormasyon.

Yugto 1 Yugto ng Taunang Deductible	Yugto 2 Inisyal na Coverage na Yugto
Sa yugtong ito, binabayaran mo ang buong halaga ng iyong mga Bahagi D na gamot, hanggang sa maabot mo ang taunang deductible. Magsisimula ka sa yugtong ito sa oras na kunin mo ang iyong unang reseta ng taon.	Kapag nabayaran mo na ang taunang deductible, lilipat ka sa Yugto ng Paunang Saklaw. Sa yugtong ito, binabayaran ng aming plano ang porsyon ng halaga ng iyong mga gamot, at babayaran mo ang porsyon mo. Tinatawag na coinsurance ang porsyon mo.

Matatapos ang Inisyal na Coverage na Yugto kapag umabot ang kabuuang gastos sa gamot sa **\$4,660**. Sa puntong iyon, magsisimula ang Yugto ng Gap ng Saklaw. Sumangguni sa **Kabanata 6** ng iyong **Handbook ng Miyembro** para sa higit pang impormasyon tungkol sa halaga ng babayaran mo para sa mga inireresetang gamot.



Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bumisita sa **kp.org/medicare**.

E3. Yugto 1: "Yugto ng Taunang Deductible"

Dahil nakatatanggap ng "Karagdagang Tulong" ang karamihan sa aming mga miyembro para sa kanilang mga gastos sa inireresetang gamot, hindi nalalapat sa karamihan sa mga miyembro ang Yugto ng Deductible. Kung hindi ka tumatanggap ng "Karagdagang Tulong," ang Yugto ng Deductible ang unang yugto ng pagbabayad para sa iyong saklaw sa gamot. Magsisimula ang yugtong ito sa oras na kunin mo ang iyong unang reseta ng taon. Kapag nasa yugto ng pagbabayad na ito ka, binabayaran mo ang buong halaga ng iyong mga gamot hanggang sa maabot mo ang halaga ng deductible ng plano. Ang "kabuuang gastos" ay karaniwang mas mababa sa normal na buong presyo ng gamot, dahil nakipagnegosasyon ang aming plano para sa mga mas mababang gastos para sa karamihan sa mga gastos sa mga parmasyang nasa network.

Ipinapakita ng sumusunod na table ang iyong mga gastos kapag nasa Yugto ng Deductible ka, kung hindi ka kwalipikado para sa "Karagdagang Tulong."

	2022 (ngayong taon)	2023 (susunod na taon)
Mga Gamot Sa yugtong ito, binabayaran mo ang buong halaga ng iyong mga Bahagi D na gamot, hanggang sa maabot mo ang taunang deductible.	Ang deductible ay \$480 , kung hindi ka kwalipikado para sa "Karagdagang Tulong."	Ang deductible ay \$505 , kung hindi ka kwalipikado para sa "Karagdagang Tulong."

E4. Yugto 2: "Inisyal na Coverage na Yugto"

Kapag nabayaran mo na ang taunang deductible, lilipat ka sa Yugto ng Paunang Saklaw. Sa Inisyal na Coverage na Yugto, babayaran ng aming plano ang porsyon ng gastusin sa iyong sakop na mga inireresetang gamot, at babayaran mo ang porsyon mo. Tinatawag na coinsurance ang porsyon mo. Magbabayad ka ng coinsurance sa tuwing kukuha ka ng reseta.

Ipinapakita sa sumusunod na talahanayan ang iyong mga gastusin para sa mga gamot. Nalalapat lang ang mga halagang ito sa panahong ikaw ay nasa Yugto ng Paunang Saklaw, kung hindi ka kwalipikado para sa "Karagdagang Tulong."



	2022 (ngayong taon)	2023 (susunod na taon)
<p>Mga Gamot</p> <p>Gastusin para sa isang buwang supply ng gamot na kinuha sa isang parmasyang nasa network</p>	<p>Ang iyong copay para sa isang buwang (30 araw) supply ay 25% ng kabuuang halaga kada reseta, kung hindi ka kwalipikado para sa Karagdagang Tulong.</p>	<p>Ang iyong copay para sa isang buwang (30 araw) supply ay 25% ng kabuuang halaga kada reseta, kung hindi ka kwalipikado para sa Karagdagang Tulong.</p>

Matatapos ang Inisyal na Coverage na Yugto kapag ang iyong kabuuang gastos na mula sa sariling bulsa ay umabot sa **\$4,660**. Sa puntong iyon, magsisimula ang Yugto ng Gap ng Saklaw. Kapag naabot mo na ang limitasyon sa gastos na mula sa sariling bulsa na **\$7,400** para sa iyong mga inireresetang gamot, magsisimula ang Catastrophic na Coverage na Yugto. Mananatili ka sa Catastrophic na Coverage na Yugto hanggang sa katapusan ng taon ng kalendaryo. Sumangguni sa **Kabanata 6** ng iyong **Handbook ng Miyembro** para sa higit pang impormasyon tungkol sa halaga ng babayaran mo para sa mga inireresetang gamot.

F. Mga administratibong pagbabago

	2022 (ngayong taon)	2023 (susunod na taon)
<p>Numero ng Package ng Benepisyo sa Plano (PBP)</p>	<p>Ang iyong kasalukuyang plano na Kaiser Permanente Sr Adv Medicare Medi-Cal na Plano ay kilala rin bilang PBP #30.</p>	<p>Ang iyong bagong plano, ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal Santa Clara na Plano, ay kilala rin bilang PBP #74.</p>

G. Pagpili ng plano

G1. Pananatili sa aming plano

Umaasa kaming maging miyembro ka pa rin ng plano. Wala kang kailangang gawin para manatili sa aming plano. Kung **hindi** ka magpapalit sa ibang plano ng Medicare o magpapalit sa Original Medicare, awtomatiko kang mananatiling naka-enroll bilang miyembro ng aming plano para sa 2023.

Kung mayroon kang mga tanong, pakitawagan ang Senior Advantage Medicare Medi-Cal sa **1-800-443-0815 (TTY 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa **kp.org/medicare**.



G2. Pagpapalit ng plano

Magagawa ng karamihan ng mga taong may Medicare na wakasan ang kanilang membership sa mga partikular na bahagi ng taon. Dahil mayroon kang Medi-Cal, maaari mong wakasan ang iyong membership sa aming plano o lumipat sa ibang plano nang isang beses sa bawat isa sa mga sumusunod na **Panahon ng Espesyal na Pag-enroll**:

- Enero hanggang Marso
- Abril hanggang Hunyo
- Hulyo hanggang Setyembre

Bukod pa sa tatlong panahong ito ng Espesyal na Pag-enroll, maaari mong wakasan ang iyong membership sa aming plano sa mga sumusunod na panahon:

- Ang **Panahon ng Taunang Pag-enroll**, na mula Oktubre 15 hanggang Disyembre 7. Kung pipili ka ng bagong plano sa panahong ito, magwawakas ang iyong membership sa aming plano sa Disyembre 31 at ang iyong membership sa bagong plano ay magsisimula sa Enero 1.
- Ang **Panahon ng Bukas na Pag-enroll sa Medicare Advantage**, na mula Enero 1 hanggang Marso 31. Kung pipili ka ng bagong plano sa panahong ito, magsisimula ang iyong membership sa bagong plano sa unang araw ng susunod na buwan.

Maaaring may iba pang sitwasyon kung saan kwalipikado kang gumawa ng pagbabago sa iyong enrollment. Halimbawa:

- Umalis ka sa aming lugar ng serbisyo,
- Nagbago ang pagiging kwalipikado mo para sa Medi-Cal o sa Karagdagang Tulong, o
- Kung ikaw ay kamakailangan lumipat sa, kasalukuyang nakakatanggap ng serbisyo sa pangangalaga sa, o kamakailang lumabas ng nursing home o ng ospital para sa pangmatagalang pangangalaga.

Ang iyong mga serbisyo ng Medicare

Mayroon kang tatlong opsyon para sa pagkuha ng iyong mga serbisyo ng Medicare. Sa pamamagitan ng pagpili sa isa sa mga opsyong ito, awtomatiko mong winawakasan ang iyong membership sa aming plano.



<p>1. Maaari kang magpalit sa:</p> <p>Ibang planong pangkalusugan ng Medicare</p>	<p>Narito ang dapat gawin:</p> <p>Tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.</p> <p>Para sa mga tanong sa PACE, tumawag sa 1-855-921-PACE (7223).</p> <p>Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none">• Tawagan ang Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. (TTY 711). Para sa higit pang impormasyon o para maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, bumisita sa www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/. <p>O</p> <p>Mag-enroll sa bagong plano ng Medicare.</p> <p>Awtomatikong makakansela ang iyong enrollment sa aming plano ng Medicare kapag nagsimula ang coverage ng iyong bagong plano.</p> <p>Maaaring magbago ang iyong plano ng Medi-Cal.</p>
---	---



<p>2. Maaari kang magpalit sa:</p> <p>Original Medicare na may hiwalay na plano sa inireresetang gamot ng Medicare</p>	<p>Narito ang dapat gawin:</p> <p>Tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.</p> <p>Kung kailangan mo ng tulong o higit pang impormasyon:</p> <ul style="list-style-type: none">• Tawagan ang Programa sa Pagpapayo at Pagtataguyod ng Insurance sa Kalusugan (HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. (TTY 711). Para sa higit pang impormasyon o para maghanap ng lokal na tanggapan ng HICAP sa iyong lugar, bumisita sa www.aging.ca.gov/Programs_and_Services/Medicare_Counseling/. <p>O</p> <p>Mag-enroll sa bagong plano sa inireresetang gamot ng Medicare.</p> <p>Awtomatikong makakansela ang iyong enrollment sa aming plano kapag nagsimula ang iyong coverage ng Original Medicare.</p> <p>Hindi magbabago ang iyong plano ng Medi-Cal.</p>
--	--



